

Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Serbisyong Pagtulong sa Mamamayan (Civil Aid Service)

Ang Serbisyong Pagtulong sa Mamamayan (CAS) ay isang nakauniporme at disiplinado, pinopondohan-ng-pamahalaan, na serbisyo sa tulong na nagsasagawa ng isang malawak na hanay ng mga tungkulin tuwing may emergency at tumutulong na mapawi ang hirap ng mga full-time na puwersang pang-emergency ng Hong Kong. Ang mga maagap na hakbang ay ginawa upang mapadali ang pagsasama-sama ng mga taong magkakaibang lahi sa komunidad na maaaring magpadali sa kanilang pakikilahok at kontribusyon sa lipunan at mabuo ang kanilang sariling mga kakayahan.

Iskemang Natatanging Talento ng CAS (CAS Special Talent Scheme) (STS)

- | | |
|------------------------------|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | <ul style="list-style-type: none">● Magbigay ng mga pinahusay na serbisyo sa mga taong magkakaibang lahi para sa kanilang karera at pag-unlad pati na rin ang kanilang pakikilahok sa lipunan. |
| Umiiral na Mga Panukala | <ul style="list-style-type: none">● Mga pagtatagubilin at usapan sa pangangalap upang hikayatin ang mga taong magkakaibang lahi na sumali sa CAS bilang boluntaryong adult at mga kadete na maaaring may magandang pagkakataong maging isang full-time na trabaho sa disiplinadong puwersa pagkatapos na makatanggap ng pagsasanay sa CAS.● Mga paglalathala at mga dokumento ng impormasyon sa Ingles, Tsino at iba pang wika tungkol sa mga tip kung paano sumali sa CAS.● Mga maiikling sesyon at mga workshop kasama ang mga nagtapos sa eskwela upang magbigay daan sa kanila na gumawa ng mga paunang pakikiugnay sa CAS para sa malalim na mga talakayan sa pagsali sa CAS bilang isang boluntaryo, karanasan sa pagtatrabaho sa CAS at para sa tulong sa mga aplikasyon.● Iskemang pagtuturo para sa mga bagong miyembrong magkakaibang lahi na nasa wastong gulang. |

- Malapitang pakikiugnay sa pamamagitan ng mga sesyon sa pagtatagubilin, mga pagdalaw at pagpupulong kasama ang mga magulang at guro.
- Pakikiugnay sa mga pinuno ng komunidad at relihiyon ng mga taong magkakaibang lahi upang bigyang daan ang CAS na manatiling nakakaalam sa mga kahirapan at alalahanin ng mga taong magkakaibang lahi sa trabaho at panlipunang pagsasama-sama.
- Mga gawain para sa mga kabataang magkakaibang lahi upang itaguyod ang diwa ng pagkakaisa.
- Pana-panahong susuriin ng CAS ang mga hakbang at kukunin ang tugon ng mga kawani, ibang kagawarang pampamahalaan at mga NGO para sa pagpapahusay ng nilalaman ng programa sa pagsasanay.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

Mga Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Mas masinsinang gawaing pangangalap ng mas maraming mga kadeteng magkakaibang lahi mula sa mga paaralang sekundarya upang ang mga kabataang magkakaibang lahi ay magkaroon ng pagsasanay na batay-sa-disiplina, pakikipagsapalaran at pamumuno upang isulong ang mga katangian ng pagtitiwala sa sariling kakayahan, pagiging madiskarte, katatagan, pagtitiyaga at diwa ng paglilingkod sa komunidad
- Mas malawak na pagtataguyod ng kaligtasan sa pagha-hike sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga gawain at kursong pagsasanay sa kaligtasan sa pagha-hike para sa mga taong magkakaibang lahi.
- Mga workshop sa pagiging handa sa panahon ng kagipitan at paggamit ng automated external defibrillator (AED) at cardio-pulmonary resuscitation (CPR) para sa mga taong magkakaibang lahi.
- Makikipag-ugnayan ang CAS sa ibang mga kagawaran ng pamahalaan at mga NGO upang mag-ayos ng angkop na pagsasanay ng mga kawani ukol sa mga paksa sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

Mga Katanungan

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay kay (G WONG Wing-kwong), Nakatataas na Opisyal ng Operasyon at Pagsasanay (Headquarters) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan

—

Telepono : 2805 6020
Fax : 2576 3021
Email : casenq@cas.gov.hk
Address sa Koreo : General Office, 4/F, Civil Aid Service Headquarters, 8 To Wah Road, Yau Ma Tei, Kowloon.

Mayo 2023